

Sumaryo (Tagalog)

# Ikalawang Plano para sa Multikultural Symbiosis sa Anjo

# Multikultural na Lunsod Anjo kung saan tumitira ang lahat nang may segridad

## Panahon ng plano：2019~2024 taon

Mahigit 7,000 ang dayuhan na nakatira sa Anjo noong Agosto, 2018.
Kailangang gumawa ng rehiyon na puwedeng taglayin ang pag-asa sa hinaharap ang sinumang nakatira sa Anjo, kahit saan ang kanilang pinagmulan.
Gumawa kami ng “Ikalawang Plano para sa Multikultural Symbiosis sa Anjo” para matupad ang lipunan ng Multikultural symbiosis sa pamamagitan ng unang plano na ginawa noong 2014.



## Ang Paglalarawan ng tunguhin para sa Multikultural symbiosis sa Anjo

(1) Nagmamahal ang maraming dayuhan sa Anjo at nakatira at naka-adjust dito nang komportable.

(2) Madalas nakikita na nakikipag-usap, nakikisama, at gumagawa nang sama-sama, kahit dayuhan o Hapones. At may mabuti silang relasyon na nagtutulungan.

(3) Aktibong naisasagawa ang aktibidad na suportahan ang multikulturalismo sa pamamagitan ng iba’t ibang mga tao at grupo.

(4) Nabubuhay ang bawat isa nang may pag-asa sa hinaharap kahit dayuhan o Hapones.

(5) Lumalaganap na ang kaisipan ng Multikultural symbiosis sa marami at nagiging karaniwan na.

(6) Nagiging “sari-sari” ang tanda ng Anjo, at itinataguyod nito ang pagsulong ng komunidad.

### Ang dayuhan at Hapones ay magkakasamang nagtatrabaho



Mutikultural symbiosis na Paglalakad sa Bayan



Klase ng Wikang Hapon



Disaster Drill

## Pangunahing pagsisikap para sa ikalawang plano

### 1. Pagtatayo ng sistema ng Tagasuporta para sa Multikultural symbiosis

Bilang papel para makonekto ang dayuhang mamamayan at komunidad, balikatin ng “Tagasuporta para sa Multikultural symbiosis (pansamantalang pangalan)” ang bahagi na suportahan ang pakikibahagi sa aktibidad sa komunidad, gayundin pag-iisipan namin ang pamamaraan na makibahagi din ang dayuhang mamamayan bilang tagasuporta.

★Suporta para sa pakikipag-usap at komunikasyon sa gitna ng mga dayuhan at Hapones
★Suporta para gawin ang aktibidad at pagtitipon, atbp. para sa Multikultural symbiosis
★Laging maging malapit at malasakit sa dayuhang mamamayan atbp.



### 2. Paggawa ng Salon ng Multikultural symbiosis

Pag-iisipan ang paggawa ng “Salon ng Multikultural symbiosis (pansamantalang pangalan)” bilang lugar para magtipon ang mga dayuhan at mga Hapones na may interes sa Multikultural symbiosis araw-araw at palitan ang impormasyon tungkol sa pamumuhay ng dayuhan o kalagayan ng aktibidad para sa Multikultural symbiosis.

★Paglikha ng samahan at relasyon sa dayuhan at sa hapones
★Pagpapadala, pagtitipon, at pagbibigay ng impormasyon
★Suporta sa pagtitipon ng kasama at sa aktibidad
★Paglikha ng lugar para maging masaya ang mga dayuhan



## Situwasyon ng mga dayuhang mamamayan sa Anjo

Populasyon ng mga dayuhan ay mga 7,099 sa ngayon, Sep. 30, 2018. At ito ang 3.76 % sa buong mamamayan kasama ng mga Hapones, at may tendensiya na dumarami ang bilang at parsentahe.




Dayagram. nasyonalidad ng dayuhan sa Anjo (sa Sep. 30, 2018)
(Tanggapan ng serbisyong pangkomunidad)




Dayagram. populasyon at pagbabago ng porsiyento nito sa Anjo
(Sep. 30 sa bawat taon)
(Tanggapan ng serbisyong pangkomunidad)

Pinakamarami ang taga-Brasil, ayon sa nasyonalidad, parsentahe nito ay 30.4 % sa dayuhang residente, susunod ay galing sa Phillipines, at sa Tsina. Kamakailan, dumarami ang dayuhan galing sa mga bansa sa Asia, gaya ng Vietnam, Indonesia, at Sri Lanka, at nag-iba-iba ang pinagmulan ng bansa at rehiyon.


**Ikalawang Plano para sa Multikultural Symbiosis sa Anjo【Sumaryo】**
**“Multikultural na Lunsod, Anjo” kung saan tumitira ang Lahat nang may Segridad**
**2019~2024 taon**
Edit/issue Anjo city, Civic life unit, Citizen collaboration section, Regional development engagement
Phone：0566-76-1111 (Representative) FAX：0566-76-1112 (Representative)　http://www.city.anjo.aichi.jp/

# Sistema ng patakaran ng ikalawang plano

## Multikultural na Lunsod, Anjo kung saan tumitira ang lahat nang may segridad

### Larawan ng tunguhin pagkaraan ng 6 na taon

①Positibong bumabati at sumasalubong sa komunidad kahit Hapones o dayuhan sila at sinisikap nila na maunawain ang isa' t isa.
②Nababawasan ang kabalisahan sa buhay ng dayuhan. Namumuhay din ang bata nang may pag-asa.
③Nakaugat na ang pagkaunawa sa Multikultural symbiosis.
④Nakikibahagi ang dayuhan din ng kanilang papel sa komunidad at may aktibong bahagi.

〈Tunguhin sa resulta〉

| Aytem | Hanggang sa 2017 | | Tunguhin sa 2024 |
|---|---|---|---|
| Antas ng pag-unawa sa multicultural magkakasamang buhay ng mga Hapones | 33.6% | ➚ | 50% |
| Dayuhan na nakibahagi sa event, atbp. sa komunidad | 55.2% | ➚ | 60% |
| Dayuhan na nadaramang komportable ang pamumuhay sa Anjo | 87.5% | ➚ | 90% |
| Parsentahe ng pagpasok sa High School, atbp ng dayuhang estudyante | 82.5% | ➚ | 91% |
| Grupong nagsasagawa ng aktibidad may kinalaman sa Multikultural symbiosis | 5grupo | ➚ | 8grupo |



| Pangunahing tunguhin | Pangunahing patakaran |
|---|---|
| [Pangunahing tunguhin 1] Nakaugat ang pang-unawa at pag-iisip sa Multikultural symbiosis | (1) Maunawaan ang kahulugan ng Multikultural symbiosis<br>(2) Itagyod ang pagkaunawa at pakikisama sa dayuhan |
| [Pangunahing tunguhin 2] Sapat na pagkakataon sa pag-aaral para sa dayuhan | (1) Sapatan ang pagkakataon sa pag-aaral ng wikang Hapon.<br>(2) Damihan ang pagkakataon para sa pag-aaral |
| [Pangunahing tunguhin 3] Sapat na komunikasyon sa gitna ng Hapones at dayuhan | (1) Guwawa ng pagkakataon para sa komunikasyon.<br>(2) Gumawa ng lugar para makisama ang Hapones at dayuhan. |
| [Pangunahing tunguhin 4] Pagpapadala ng impormasyon sa maraming dayuhang mamamayan | (1) Gawing madali ang dokumento na ibigay sa dayuhan ng City Hall.<br>(2) Maging systematiko ang pakikitungo sa dayuhan sa desk sa City Hall.<br>(3) Sapatan ang Pagpapadala ng impormasyon<br>(4) Gawin madali ang pagpapakita ng impormasyon para sa dayuhan. |
| [Pangunahing tunguhin 5] Mabawasan ang kabalisahan sa pamumuhay ng dayuhang mamamayan | (1) Bawasan ang kabalisahan sa pagkaanak at pagpapalaki ng anak<br>(2) Suportahan ang pagpapalaki ng bata at pagsulong nila sa hinaharap.<br>(3) Bawasan ang kabalisahan sa panahon ng sakuna.<br>(4) Pakitunguhan ang problema sa buhay. |
| [Pangunahing tunguhin 6] Paggawa ng kalagayan na makibahagi ang dayuhan nang aktibo sa komunidad | (1) Suportahan ang dayuhan para pakikibahagi sa aktibidad sa komunidad.<br>(2) Samantalahin ang mahusay na dayuhan sa komunidad.<br>(3) Isagawa ang pampublikong pagdinig sa dayuhan. |
| [Pangunahing tunguhin 7] Pagdiskubre at pagsasanay ng mga makatulong sa Multikultural symbiosis | (1) Diskubre at sanayin ang masigasig at interesado sa Multikultural symbiosis.<br>(2) Pasiglahin ang aktibidad ng Multikultural symbiosis. |

### Halimbawa ng pangunahing pagsisikap

#### Suportahan ang paggawa at operasyon ng klase ng wikang Hapon para sa bata

Suportahan ang paggawa at operasyon ng klase para mag-aral ng wikang Hapon ang bata ng dayuhan sa labas ng paaralan, at dagdagan ang klase sa loob ng Anjo para matuto sila sa sarilinan.



#### Epektibong paggamit ng tools para sa komunikasyon

Gamitin ang"Board para sa pakikipag-usap na ipakita sa darili" "Software ng translasyon sa boses" "Remote serbisyo para sa pagsasalin" atbp. ayon sa pangangailangan sa pakikitungo sa dayuhan sa bawat desk sa City Hall.



#### Panatilihin ang lugar na kayang magtipon ang magulang at taga-alaga ng anak

Nakikita ang dayuhan na nagsosolo dahil wala siyang dako na umaasa habang pinalalaki ang anak, kaya panatilihin ang lugar na madaling magtipon at gumugol ng panahon ang magulang at taga-alaga ng bata kasama ng dayuhan.



#### Sapat na pakikitungo sa konsulta para sa dayuhan

Iayos ang sistema sa konsulta sa mamamayan sa iba't ibang uri ng problema sa bawat section sa City Hall at pasilidad na may kaugnayan, gayundin isaalang-alang ang pakikipagtulungan sa ekspertong ahensiya sa labas para kayang makitungo sa natatanging problema na may dayuhan.

